# Myocarditis pagkatapos Magpabakuna sa COVID-19: Ang Dapat Malaman ng mga Magulang at Nakababatang Nasa Hustong

Vaccinate WA

CovidVaccineWA.org

## Ano ang myocarditis?

Ang myocarditis at pericarditis ay mga terminong naglalarawan sa pamamaga ng kalamnan ng puso,o panlabas na lining ng puso. Kasama sa mga karaniwang sintomas ang paninikip ng dibdib, problema sa paghinga, at di-normal na pagtibok ng puso. Kadalasang nangyayari ang pamamagang ito bilang pagtugon ng immune system ng katawan sa impeksiyon, gaya ng mga virus.

## Hindi pangkaraniwan ang myocarditis, at bihira lang itong maging sanhi ng pagkamatay.

Mas kaunti sa 200,000 ang mga kaso ng myocarditis sa Estados Unidos bawat taon, at mas kaunti sa 2% ang nagsanhi ng pagkamatay. Sa mga clinical trial ng bakuna na sinalihan ng 3,000 batang edad 5 hanggang 11, walang naiulat na kaso ng myocarditis mula sa bakuna.

- Hindi ito napag-alaman bilang nakahahawa
- Napakabanayad lang ng karamihan ng kaso
- Kaunti lang ang kailangang paggamot, na nakatuon sa pangangasiwa ng mga sintomas (gamot at pahinga)

## May koneksiyon ba ito sa pagpapabakuna sa COVID-19?

Bagaman bihira lang, may ebidensiyang nagpapakitang may ugnayan sa pagitan ng mga mRNA na bakuna sa COVID-19 at myocarditis/pericarditis. Puwede ring magdulot ng myocarditis ang impeksiyon ng COVID-19. Naglathala ng mga pag-aaral ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC, Mga Sentro para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit) tungkol sa myocarditis pagkatapos mahawahan ng COVID-19, na mas pangkaraniwan kaysa sa pagkatapos magpabakuna sa COVID-19. Walang naging pagkamatay mula sa myocarditis na dulot ng pagpapabakuna sa COVID-19 sa Estados Unidos.

## Anong mga senyales at sintomas ang dapat kong malaman pagkatapos magpabakuna?

Nangyari ang karamihan ng kaso sa mga lalaking adolescent at nakababatang nasa hustong gulang. Lumalabas na mas pangkaraniwan ang mga sintomas pagkatapos ng ikalawang dosis.

Inirerekomenda ng CDC na magpatingin sa doktor ang mga taong nabakunahan kamakailan kung magkakaroon sila ng alinman sa mga sintomas na ito pagkatapos magpabakuna, partikular na sa unang linggo pagkatapos magpabakuna:

- Paninikip ng dibdib
- Pangangapos ng hininga
- Pakiramdam na mabilis ang tibok, pintig, o kalabog ng puso

Nagamot nang maayos at mabilis na bumuti ang pakiramdam ng karamihan ng pasyenteng may myocarditis o pericarditis na nakatanggap ng pangangalaga. Kadalasang nakakabalik na sa kanilang mga normal na pang-araw-araw na gawain ang mga pasyente kapag bumuti na ang lagay ng kanilang mga sintomas. Ang mga taong na-diagnose ng myocarditis ay dapat magpakonsulta sa kanilang cardiologist bago magpatuloy sa mga gawain, gaya ng pag-eehersisyo.

**Tandaan, normal ang magkaroon ng banayad at katamtamang side effects sa unang linggo pagkatapos tumanggap ng anumang bakuna sa COVID-19** gaya ng lagnat, sakit ng ulo, pagkapagod, at pananakit ng kasukasuan/kalamnan.

## Ang pagpapabakuna pa rin ang pinakamabuting opsiyon.

Mas matimbang ang matitibay na benepisyong hatid ng mga bakuna kaysa sa posibleng panganib na magkaroon ng masasamang reaksiyon sa bakuna, tulad ng myocarditis. Patuloy na inirerekomenda ng CDC na maging updated sa mga bakuna sa COVID-19 ang lahat ng kwalipikado upang maprotektahan laban sa COVID-19.

Washington State Department of HEALTH

**DOH 348-835 September 2023 Tagalog**

Upang hilingin ang dokumentong ito sa ibang format, tumawag sa 1-800-525-0127. Para sa mga customer na bingi o nahihirapang makarinig, mangyaring tumawag sa 711 (Washington Relay) o mag-email sa doh.information@doh.wa.gov.